2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Tanging Patakaran sa SSI para sa mga Bulag na Nagtratrabaho



## Ano ang tanging patakaran?

Mayroong tanging patakaran upang tulungan ang mga taong nagtratrabaho at tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI dahil sa pagkabulag. Ang patakaran na ito ay nagpapahintulot sa isang bulag na hindi isama mula sa earned income (kinitang kita) ang lahat ng mga gastos na nagpapahintulot sa taong magtrabaho. Ang gastos ay hindi kailangang may kinalaman sa kapansanan.

## Ano ang ilang mga halimbawa ng mga gastos na maaaring maging kwalipikado sa ilalim ng patakaran?

Kabilang sa mga gastos na maaaring kwalipikado ang:

- hayop na nagbibigay serbisyo, kasama ang gastos sa pagkain at upkeep;
- transportasyon papunta at pabalik mula sa trabaho;
- mga lisensiya, fees, o taxes:
- mga serbisyo ng tagapag-alaga;
- mga pagkain habang oras ng trabaho;
- medical equipment o supplies; at
- iba pang equipment o mga serbisyo na may kinalaman sa trabaho.

## Example:

**Si Ray Barnett ay tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI dahil sa pagkabulag. Siya'y nagtratrabaho at kumikita ng $805 bawat buwan, at ito ang tanging income na natatanggap niya.**

**Ang mga sumusunod ay ang kanyang mga gastos sa trabaho:**

- **binabawasan siya ng kanyang pinaglilingkuran ng $250 bawat buwan para sa Pederal at Estadong income tax at mga Social Security (FICA) tax; at**
- **kailangan niyang magbayad ng $100 bawat buwan para sa transportasyon papunta at pabalik sa trabaho.**

**Ginagamit ni Mr. Barnett ang $350 ng kanyang mga kita upang bayaran ang mga gastos sa trabahong ito. Samakatwid, ang $350 ng kanyang mga kita ay hindi isinasama sa pagtiyak ng halaga ng kanyang benepisyo sa SSI tulad ng sumusunod:**

**$805 - $20 (pangkalahatang eksklusyon) = $785**
**$785 – $65 (eksklusyon sa trabaho) = $720**
**$720/2 = $360**
**$360 - $350 (mga gastos sa trabaho ng bulag) = $10**
**$10 = maisasamang kita**

## Mayroon bang iba pang mga patakaran na makakatulong?

Magagamit din ng isang taong bulag ang ibang mga patakaran sa ng SSI, tulad ng Plans to Achieve Self–Support (PASS) at patuloy na Medicaid coverage habang nagtratrabaho.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.